

Scholarship para sa mga grad student ng Cambodia, Lao PDR, at Myanmar hatid ng DOST

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

Pinalawig pa ng Department of Science and Technology (DOST) ang scholarship program nito na ngayon ay bukas na rin para sa mga graduate student mula sa tatlong karatig-bansa ng Pilipinas sa Southeast Asia.

Ito ay sa pamamagitan ng programang “DOST Scholarship Offerings for ASEAN Researchers at Cambodia – Lao PDR – Myanmar (CLM)” kung saan ang mga graduate students mula sa tatlong bansa na miyembro ng ASEAN ay maaaring mag-apply ng masters at doctorate degree scholarship sa iba’t ibang larangan ng science at engineering mula sa mga partner na unibersidad ng DOST. Kabilang dito ang De La Salle University, University of the Philippines (UP) Diliman, UP Los Baños, at UP Manila.

Kamakailan ay bumisita sa DOST ang mga scholar mula sa Cambodia, Lao PDR, at Myanmar (CLM) kung saan mainit silang sinalubong ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña sa isang salo-salo sa DOST-Science Education Institute (SEI) noong ika-22 ng Enero 2020. Ito ang ikalawang beses na nagkatipon muli ang mga CLM scholar kasama ang partner universities at ang DOST. Masayang nagkwento ang scholars at lubos din silang nagpapasalamat sa DOST.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Makabagong teknolohiya ng pagpapatuyo ng lato hatid ng DOST-IX para sa Zamboanga Cityp3
DOST katuwang ng Cauayan sa pangarap nito na maging ‘Smarter City’ p4
LarawaNews.....p4

DOST ipinapaalala ang benepisyong pagsunod sa PH Standard Time

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Pinangungunahan ng DOST-STII ang kampanya para sa “Juan Time” alinsunod sa National Time Consciousness Week. (Larawan ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII)

Sa pagpasok ng panibagong taon at dekada, ninanais ng Department of Science and Technology (DOST) na ipaalala sa bawat Pilipino ang kahalagahan sa pagsunod sa mga nakatakdang deadline at call time, may kinalaman man ito sa negosyo, trabaho, o personal na buhay.

Mula ika-01 hanggang ika-07 ng Enero 2020, ipinagdiwang sa buong bansa ang National Time Consciousness Week, alinsunod sa itinakda ng batas na Republic Act 10535 o mas kilala bilang Philippine Standard Time (PhST) Act of 2013. Ang batas ay nagtatakda sa lahat ng tanggapan ng gobyerno at media networks na gamitin ang

PhST bilang batayan sa pag-aakma ng kanilang mga orasan.

Nagtatakda rin ito ng kaparusahan para sa mga institusyon na hindi susunod sa mga nakasaad na requirement ng PhST. Ayon sa batas, tuwing unang linggo ng Enero ipagdiriwang ang National Time Consciousness Week.

Ang DOST- Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) ang opisyal na tagapangalaga ng oras sa Pilipinas simula pa noong 1978.

sundan sa pahina 2

Sa kanyang mensahe, binigyan-diin ni DOST-Science and Technology Information Institute Director Richard P. Burgos na kung ang lahat ng mga tanggapan, mga pribadong kumpanya, at mga lokal na gobyerno ay makikiisa sa pag-aakma ng kanilang mga orasan sa PhST, nangangahulugan lang ito na seryoso tayong tuparin ang ating mga tungkulin sa tama at itinakdang oras.

Dagdag pa niya, napakahalaga para sa ahensyang tulad ng DOST na bigyang-importansya ang pagsunod sa mga deadline at call time, upang makuha ang tiwala ng publiko.

“Kaya natin ipinagdiriwang ang National Time Consciousness Week at hinihikayat ang lahat na iakma ang kanilang mga orasan sa PhST ay para paalalahanan tayo na kung matatapos natin ang ating mga gawain sa itinakdang oras, makalilikha tayo ng mas

malaking kita, makapagligligtas nang maraming buhay, makalilikha nang mas maayos na trabaho, at magkakamit ng matagumpay na buhay,” pahayag ni Dir. Burgos.

Ang DOST-STII ay ang ahensya na inatasan ng batas na magsagawa ng mga promotional activity na may kinalaman sa PhST, kasama na rito ang pagdiriwang ng National Time Consciousness Week.



Mainit ang pagtanggap nina (nakaupo mula kaliwa): DOST-PCAARRD Executive Director Reynaldo V. Ebor, DOST-SEI Director Josette T. Biyo, DOST Secretary Fortunato T. de la Peña, DOST Assistant Secretary Leah J. Buendia, at DOST-SEI Deputy Director Engr. Albert Mariño sa mga bumisitang CLM scholar. (Larawan mula kay Enrico A. Belga Jr., DOST-STII)

“I was shocked when I experienced the quality of education here in the Philippines. UP Manila teaches their student with a high standard. Cambodia is far behind,” kwento ng isa sa mga scholar mula sa Cambodia na kasalukuyang kumukuha ng kurso sa UP Manila School of Health Sciences.

Samantala, maigting na ibinahagi ni DOST Sec. de la Peña ang kahalagahan ng pagtutulungan ng ASEAN lalo sa aspeto ng edukasyon at kaniyang pinaalala sa mga scholar na sila ay may kani-kaniyang kailangang maisakatuparan pag-uwi nila sa kani-kanilang bansa.

“We are very happy that we continue to make an impact in the ASEAN region by having this international scholarship program. This program is actually a pioneering one, maybe not just for the DOST, but for the Philippine government as well. We are happy to assist our ASEAN counterparts and exemplify what the mantra ‘ASEAN helping ASEAN’ truly means,” ani DOST Secretary de la Peña.

Ilan pa sa mga dumalo sa salo-salo ay sina DOST Undersecretary for Scientific and Technical Services Dr. Renato U. Solidum Jr.; DOST Assistant Secretary for International Cooperation Dr. Leah J. Buendia; DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) Executive Director Dr. Reynaldo V. Ebor; DOST-SEI Director Dr. Josette T. Biyo, DOST-SEI Deputy Director Engr. Albert G. Mariño, kasama ang mga kinatawan ng partner universities.

Mula nang masimulan ang programa noong 2017, ang DOST-SEI na ang nakatalagang implementing agency kung saan bumibisita sila sa tatlong bansa upang magsagawa ng applicant screening session.

Sa unang taon ng implementasyon nito, 14 na masters student at apat na doctorate candidates ang nakapasa. Sa taong ito, tumaas ang bilang ng scholars na kasalukuyang nasa 20-25 rito ang kumukuha ng masteral degree samantalang

lima naman ang kumukuha ng doctorate degree sa larangan ng genetics, entomology, environmental science, environmental engineering, agronomy, public health, clinical medicine, electronics and communications engineering, civil engineering, energy engineering, mechanical engineering, at chemical engineering.

Hinikayat naman ni DOST-SEI Dir. Biyo ang mga scholar na tapusin ang kanilang mga kurso upang makatulong sa kani-kanilang bansa. “Be an inspiration to others who wish to pursue graduate studies in the Philippines. Hopefully, we’ll be able to accommodate more CLM scholars in the future,” aniya.

Sa darating na Marso ay bibisita ang DOST-SEI sa mga embahada ng tatlong bansa upang makapanayam ang mga aplikante para sa susunod na grupo ng mga scholar. Para sa mga interesadong mag-apply ng scholarship, maaaring mag-email kay Susan Esquivel ng DOST-SEI sa esquivelsf@gmail.com. (Impormasyon mula sa DOST-SEI)



Ang dalawang uri ng teknolohiya para sa pagpapatuyo ng lato na dinibelo ng University of the Philippines Los Baños – ang isa ay nasa ibabaw ng dagat habang ang isa ay nasa lupa.



Makabagong teknolohiya ng pagpapatuyo ng lato hatid ng DOST-IX para sa Zamboanga City

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*
Larawan mula sa DOST-IX

Ang pagtanim ng seaweed o lato ay karaniwan nang ikinabubuhay ng mga pamilyang nakatira sa tabing-dagat. Maaari itong ibenta nang hilaw o kaya'y tinutuyo upang makain o maisahog sa iba't ibang klase ng putahe.

Bagaman ang uri ng lato ay isa sa mga batayan sa pagtatalaga ng halaga, ang kalidad ng tinuyong lato ang siya pa ring magiging basehan kung magkano ito maipagbibili.

Itong dahilan kung kaya't kamakailan lamang ay napagkaisahan ng apat na barangay sa siyudad ng Zamboanga na paunlarin pa ang kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng paggamit ng makabagong teknolohiya na tutulong sa pagpapabilis ng proseso ng pagpapatuyo ng lato habang pinapanatili ang kalidad nito.

Sa ngayon ay mano-manong pinatutuyo ang mga naaaning mga lato sa pamamagitan ng pagbibilad ng mga ito na karaniwang inaabot ng ilang araw, bukod pa sa maaari itong madumihan sa pagkakabilad. Ang solusyon ng mga magsasaka ng lato ay ang takpan ang mga ito sakaling masama ang panahon.

Sa tulong ng Department of Science and Technology IX, ang apat na barangay ng Sta. Catalina, Mampang, Arena Blanco, at Tigtabon sa Zamboanga City

ay makatatanggap ng teknolohiya sa pagpapatuyo ng lato. Ang teknolohiyang ito ay dinibelo ng University of the Philippines Los Baños (UP Los Baños). Ito ay may kakayahang makapagpatuyo ng bagong aning lato nang mas mabilis, habang pinoprotektahan ang mga ito sa pabagobagong panahon.

Sa kasalukuyan, dalawang uri ng teknolohiya ng solar seaweed drying ang maaaring gamitin. Ang isa ay nakalutang sa ibabaw ng tubig (na nakatutulong na mapabilis ang proseso ng pag-ani at pagpapatuyo dahil malapit lamang ito) habang ang isa naman ay maaaring itayo sa ibabaw ng lupa na siyang magsisilbi na ring imbakan. Nagsisilbi rin itong proteksyon anumang panahon.

Ang dalawang nabanggit na istruktura ay dinisenyo upang mabawasan ang pagkakalantad ng mga lato sa buhangin, alikabok, lupa, at iba pang contaminant na maaaring makuha sa pag-ani at pagdala ng mga lato sa drying area.

Bukod sa greenhouse/UV-treated sheet na nagsisilbing pantakip sa parehong pasilidad, mayroon din ang mga ito ng built-in solar-powered exhaust fans na makatutulong sa mabilis at pantay-pantay na pagpapatuyo ng mga inaning lato.

Ayon sa mga pag-aaral, kayang mapatuyo nang pantay-pantay ng dalawang pasilidad ang dalawang toneladang de-kalidad at sariwang lato sa loob lamang ng tatlong araw.

Matatanggap ng apat na barangay ang mga naturang teknolohiya bago matapos ang kalahati ng 2020. (*Impormasyon mula kay Bon Rafael A. Padayhag ng DOST-IX*)

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

DOST katuwang ng Cauayan sa pangarap nito na maging 'Smarter City'



Teksto at larawan ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Ilan sa mga eksibit at aktibidad sa loob ng Cagayan Valley Science Centrum sa lungsod ng Cauayan sa Isabela

Cauayan City, Isabela – Sa ginanap na State of the City Address o SOCA ni Mayor Bernard Faustino L. Dy ng lungsod ng Cauayan, Isabela noong ika-28 ng Enero 2020 sa Hotel Andrea, ibinahagi niya ang ilan sa mga programa na magbibigay ng mas maayos na pamumuhay sa mga Cauayenos. Sa kanyang talumpati, binigyan-diin ng alkade ang pangarap nitong gawing 'Smarter City' ang lungsod ng Cauayan kung saan, ayon sa kanya, ang Department of Science and Technology (DOST) ang pangunahin nilang katuwang dito.

Ang 'Smarter City' ay tumutukoy sa mga lungsod na kung saan nagiging sentro ito ng pagdedebelop ng mga inobatibong produkto at serbisyo na magpapaunlad sa pamumuhay ng mamamayan.

"Isa sa pangarap ko sa Cauayan ay gawin itong bersyon ng Silicon Valley ng Region II, kung saan maeenganyo ang mga estudyante, negosyante, at ilang mga propesyunal sa rehiyon na magpursigang magsaliksik at magdebelop ng sistema at serbisyo na sasagot sa ilang problema sa aming lugar," pagbabahagi ni Mayor Dy.

Kaya naman upang maisakatuparan ang mga ito, ilang mga kolaborasyon sa DOST-Region

II ang kasalukyang umuusad at mga nakalinya nang ipatupad, partikular na sa larangan ng transportasyon at edukasyon.

Kabilang sa mga ito ay ang pagbibigay ng prototype na bersyon ng Hybrid Electric Road Train (HERT) na dinebelop ng mga siyentista at inhinyero mula sa DOST-Metals Industry Research and Development Center para sa lokal na pamahalaan ng Cauayan upang magbigay ng alternatibong mass transport system. Ang nasabing tren ay may apat na bagon na maaaring magsakay nang hanggang 60 na pasahero kada bagon. Libre itong nasasakyan ng mga estudyante, matatanda, propesyunal, at mga may kapansanan na bumabiyaha sa mga ruta papuntang Cauayan City Airport at Isabela State University (ISU),

Dahil maituturing na matagumpay ang ginawang pilot-run ng HERT sa lungsod ng Cauayan, isang kasunduan ang pinirmahan sa pagitan ng DOST-II, lokal na pamahalaan ng Cauayan, Isabela, ISU, at iba't ibang miyembro ng lokal na konsortyum upang buuin ang HERT-Consortium na siyang tututok sa maramihang produksyon ng HERT sa buong probinsya ng Isabela.

Bukod sa HERT, makakatuwang din ng lokal na pamahalaan ng Cauayan ang DOST-II at ISU

sa produksyon at implementasyon ng e-Scooter sa lungsod ng Cauayan.

"Sa pamamagitan ng HERT at e-Scooter, maraming mga lokal na residente ang hindi na kinakailangan na magdala ng kani-kanilang sasakyan na magpapaluwag sa trapiko at parking space sa lungsod ng Cauayan," sabi ni Mayor Dy.

Dagdag pa ni Mayor Dy, karamihan ng mga ilang mahalagang opisina at pasilidad sa Cauayan ay sobrang lapit para magdala ng sasakyan o hindi kaya ay sobrang layo para maglakad.

Sa kaparehas na araw ng SOCA, pormal na binuksan sa publiko ang Cagayan Valley Science Centrum sa Hacienda San Luis sa lungsod ng Cauayan. Naglalaman ito ng mga eksibit at aktibidad kung saan mas mauunawaan ng mga mag-aaral ang praktikal na benepisyo ng iba't ibang aplikasyon ng siyensya at teknolohiya.

Ibinahagi ni Mayor Dy na may kasalukyang programa ang lokal na pamahalaan upang bumuo ng mga smart classroom sa iba't ibang pampublikong paaralan sa lungsod ng Cauayan, katuwang ang DOST at Department of Education.

"Lubos akong nagpapasalamat sa DOST dahil masigasig silang nagbibigay ng suporta sa lahat ng aming programa patungo sa ambisyon namin na maging 'Smarter City'," sabi ni Mayor Dy.

LarawaNEWS

Pinangunahan ng Department of Science and Technology-Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang pagsasagawa ng National Invention Contest and Exhibits o NICE noong ika-3 hanggang ika-5 ng Marso 2020 sa SMX Convention Center Aura, Bonifacio Global City, Taguig. Ang

NICE, na idinaraos isang beses sa loob ng dalawang taon, ay naglalayong mabigyan ng parangal ang ilan sa mga mahuhusay na lokal na imbensyon at inobasyon na makatutulong sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. Kalakip ang temang "Science for the People: Inventions and Innovations for Sustainable Development", layon ng NICE na mabigyang-pansin ang mga imbensyon at inobasyon na nakaangkla sa pagkamit ng Sustainable Development Goals ng United Nations. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa 2020 NICE, maaaring tawagan ang DOST-TAPI sa (02) 8838-1127 at (02) 8837-2071 locals 2157, 2167, at 2162 o mag-email sa tapi.dost@yahoo.com and tapi.nice2020@gmail.com. (Teksto ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII, larawan mula sa DOST-TAPI, at impormasyon mula kay Pierre Sonia S. Dela Corte, DOST-TAPI)